# PUNDASYON SA EDUKASYON

*by:*
**Joey R. Cabrera**
*MT-1 Pagalanggang National High School*

"Edukasyon ang susi sa matagumpay na kinabukasan", ngunit 'yan ay lumalabo dulot ng nagdaang pandemya. Pandemyang nagmarka sa ating isipan at edukasyon na ang lahat ay nagbago. Ngunit, hindi pa rin nagpadaig ang edukasyon. Sa pagbalik sa mga eskwelahan ng mga mag-aaral, sari-saring emosyon ang ating nasaksihan, ngunit may bagong sa ating Sistema. Ang inaakala maghapon nasa paaralan ang mag-aaral para mag-aral ay hindi pala dahil pala ganun ang pasok, kalahating araw na lang dahil nagkaroon kasalitan na gagamit ng mga silid-aralan. Isa sa pamamaraan ng mga opisyales at namamahala ng edukasyon sa mga paaralan. Upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa mga klasrum.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Medyo nakakalungkot dahil kahit na kagustuhan ng isang indibidwal na makapag-aral ay hindi nila ito mapagtuunan ng pansin sapagkat ang kakulangan ng mga silid-aralan at materyales sa pagkatuto. Ngunit hindi ito naging hadlang sa pag-aaral ng mga kabataan. May mga solusyong ginawa ang mga guro upang maipagpatuloy ang pag-aaral at pagkatoto ng mga kabataan. Kahit medyo nahirapan sa una ang mga guro hindi sila nagpatinag, bagkus naging mapamaraan sila upang maging sapat ang kanilang kaalaman at hindi mapag iwanan sa pamamaraan ng kanilang pagtuturo. Isa pa may ilan sa mga guro nagtuturo ng hindi nila medyor kung kaya't may pangamba at agam-agam. Pero dahil ang ating mga guro ay madaling matuto at magpatibay kung kaya't ang mga pangamba ay unti-unti nang nawawala at nakakapagturo na ng maayos.

Sa ganitong kalagayan, nararapat na muling maayos, mapalakas at masuri ng pamahalaan para magawan ng aksiyon ang nasabing mga problema. Nararapat din itong

paglaanan ng pondo sa kadahilnang hindi lamang ito para sa matagumpay na kinabukasan ng mga kabataan ngayon, bagkus magagamit din nila ito sa mga susunod pang henerasyon.

Kitang-kita naman natin ang tulong na ibinigay ng mga guro sa mga mahal n'yang mag-aaral dahil sila ay gumawa ng plano upang makabangon ang mag-aaral at matugunan ang nahinto nilang pagkatuto o learning recovery plan dala ng pandemya. Ito ang nagsilbing paraan nila para maging komportable ang mga estudyante sa eskwelahan.

Sa aking palagay, malaki na ang naging kaibahan ng kalakaran ng edukasyon ngayon. Lahat ay nagbago na, kaya naman ang nakasanayan pagkagising sa umaga na inuunang bubuksan ang telepono para makita ang mga guro at kamag-aral ay napalitan na ng pakikipaglaban sa tubig tuwing papasikat na ang araw upang maghanda para pumasok sa paaralan at mag-aral. Masyado namang nakakatuwa dahil sa kabila ng nangyari ay unti-unti nang nagbabalik ang realidad sa aming sarili sa tulong ng mga taong nasa aming paligid.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Naging mas mainam ang paraan na ito dahil naging maayos ang karamdaman ng mga taong nasa eskwelahan. Ngayon, nakikita naman ang kanilang mga mukhang nangakangiti at sabik na sabik laging makapasok sa eskwelahan. Hindi naging hadlang ang sigalot ng pandemya sa mga kabataan na nais matuto at magtagumpay sa kanilang mga pangarap.

*Sanggunian:*

https://www.academia.edu/32332436/EDUKASYON_NOON_AT_NGAYON_ISANG_PAGHAHAMBING

https://socialmedia675085498.wordpress.com/2020/12/03/edukasyon-sa-makabagong-panahon/

https://www.studocu.com/ph/document/universidad-de-manila/konstekswalisadong-komunikasyonn-sa-filipino/edukasyon-noon-at-ngayon/32578087

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan